

Karanasan ng mga guro at mga mag-aaral sa paggamit ng Phil-IRI: Isang BasaLusyon

Jumawan, Fretchie May M. ✉

Cebu Technological University – Main Campus, Philippines

Tejero National High School, Cebu City Division, Philippines (jumawanfretchie@gmail.com)

Cedeño, Leonito C., Jr.

Cebu Technological University – Main Campus, Philippines

Tejero National High School, Cebu City Division, Philippines (leonitocedenojr@gmail.com)

Varona, Fe A.

Cebu Technological University – Main Campus, Philippines (varonagradsfiles@gmail.com)



ISSN: 2243-7703

Online ISSN: 2243-7711

OPEN ACCESS

Received: 27 April 2025

Available Online: 20 May 2025

Revised: 12 May 2025

DOI: 10.5861/ijrse.2025.25100

Accepted: 18 May 2025

Abstract

This study aims to examine the experiences related to the use of Phil-IRI as a foundation for developing programs that enhance reading comprehension. The research seeks to interpret the perceptions of students with different reading profiles based on their experiences with the Philippine Informal Reading Inventory (Phil-IRI) process. Additionally, it analyzes the perceptions of Filipino subject teachers regarding the Phil-IRI results to propose improvements and the creation of effective reading programs. A combination of qualitative and quantitative methods was employed in analyzing the data. Teachers answered surveys using a Likert Scale to capture their perceptions, while the Phil-IRI tool was used to gather the overall reading profiles of students from Grades 7 to 10 in Junior High School. Findings revealed that Phil-IRI significantly contributes not only to assessing students' reading abilities but also to motivating them toward active learning and strengthening their self-awareness regarding their skills. For teachers, Phil-IRI serves as an essential guide for monitoring students' progress and for designing more effective teaching strategies. The study recommends using Phil-IRI as a launching point for developing reading programs aimed at further enhancing students' reading proficiency and overall reading levels.

Keywords: Phil-IRI, perceptions, reading profile, reading progress, BasaLusyon

Karanasan ng mga guro at mga mag-aaral sa paggamit ng Phil-IRI: Isang BasaLusyon

1. Abstrak

Ang pag-aaral na ito naglalayong masuri ang kaukulang karanasan sa paggamit ng Phil-IRI, isang batayan sa pagbuo ng programa para sa pagpapahusay ng pag-unawa sa pagbasa. Layunin ng pananaliksik na mabigyang interpretasyon ang persepsyon ng mga mag-aaral sa iba't-ibang reading profile batay sa karanasan sa tinugong proseso ng Philippine Informal Reading Inventory (Phil-IRI). Dagdag pa rito, maanalisa ang persepsyon ng mga guro sa asignaturang Filipino sa resulta ng Phil-IRI paraan para maimungkahi ang pagpapahusay at pagbuo ng programang pagbasa. Ang Kombinasyong Kwalitatibo at Kwantitatibong pamamaraan sa pagsusuri ng mga datos na ginamitan ng Likert Scale ang pagsagot sa persepyon ng mga guro sa asignaturang Filipino kasama ang mga mag-aaral mula Baitang 7 hanggang Baitang 10 sa Junior High School at sa pagkuha ng kabuoang propayl ng mga mag-aaral ginamit ang instrumentong Phil-IRI. Lumabas sa pagsusuri na may malaking tulong ang Phil-IRI, hindi lang para masukat ang kakayahan sa pagbasa ng mga mag-aaral, kundi pati na rin sa pagpapasigla ng kanilang aktibong pagkatuto at pagkilala sa sariling kakayahan. Para sa mga guro, napakahalaga ng Phil-IRI bilang gabay sa pagsubaybay sa progreso ng mga mag-aaral at sa paglikha ng mas epektibong paraan ng pagtuturo. Iminumungkahi sa pag-aaral na ito nag awing lunsaran ang Phil-IRI para makabuo ng programang pagbasa para sa mga mag-aaral upang mapabuti pa ang kanilang kakayahan at antas sa pagbasa.

Susing Salita: Phil-IRI; persepsyon; propayl sa pagbasa; kahusayan sa pagbasa; BasaLusyon

2. Introduksyon

Ang pagbabasa ay isang kasanayan na kailangang linangin at sanayin ng isang indibidwal. Mahalaga ang pagbabasa lalo't isa itong pundasyon para sa pagkatuto at pag-unawa. Kaakibat nito, ang pagpapatupad ng R.A. 10533 o ang K-12 Basic Education Program ay nakaugnay sa layuning mapahusay ang kakayahan sa pagbasa ng mga mag-aaral. Ang layuning ito ay malinaw na inilahad sa DepEd Memorandum No. 173, s. 2019, na nagbibigay suporta sa pagpapatuloy ng implementasyon ng K-12 Program. Layunin ng nasabing programa na makalikha ng mga mamamayang produktibo at may pananagutan, taglay ang mga mahahalagang kasanayan para sa panghabambuhay na pagkatuto. Dahil dito, hinihimok ng Kagawaran ng Edukasyon ang mga guro na ituon ang pansin sa pagpapalawak ng kasanayan sa pagbasa bilang mahalagang bahagi ng proseso ng pagkatuto.

Sa kabila ng kahalagahan ng pagbabasa, maraming datos ang nagpapatunay ng pagkakaroon ng kakulangan sa kasanayang pagbasa. Ayon kay Batarasa (2020), marami pa rin ang may kakulangan sa kasanayang pagbasa sa Pilipinas, lalong-lalo na sa mag-aaral sa ika-7 baitang sa mga pampublikong paaralan, Tunay na nakakabahala ang kawalan at pagbaba ng kasanayan at pagkatuto ng mga mag-aaral sa pagbasa ngayon, kaya't sa mas maagang panahon ay mahalagang ito ay bigyang pansin at ayusin.

Ayon sa isang pag-aaral, natuklasan na ang mga mag-aaral na may mataas na kasanayan sa pagbasa ay nagpakita rin ng mataas na akademikong pagganap. Ang antas ng kasanayan sa pagbasa ay maaaring magdulot ng limitasyon sa kakayahan ng mga mag-aaral na matuto sa iba pang asignatura at humahadlang sa kanilang akademikong pag-unlad (Casper, 2024).

Dahil dito, mahalagang bigyang-pansin ang mga estratehiyang maaaring gamitin upang matugunan ang mga pangangailangan ng mga mag-aaral na may kahinaan sa pagbasa. Ayon sa artikulong isinulat ni Chi (2023), tanging 24% o isa sa apat na Pilipinong estudyante na sumagot sa pagsusulit ng PISA ang nakaabot sa *basic reading proficiency*. Ibig sabihin maaring kayang tumukoy ng pangunahing ideya sa isang teksto na may katamtamang haba ang isang estudyante na siyang sinisimbolo ng 24% na ito sa Pilipinas. Dagdag pa, ito ang maaring bahagdan ng mga estudyanteng kayang magkaroon ng repleksyon sa kahalagahan at layunin ng kanilang binabasang teksto.

Ayon sa pag-aaral nina Castillo et al. (2024) na isinagawa bilang pagsusuri sa kaunlaran ng kasanayan ng mga estudyante sa pagbasa ng mga akdang pampanitikanang Filipino, natuklasang nagpapakita ng positibong epekto ng Catch-up Fridays sa pagpapabuti ng kakayahan sa pagbasa ng mga mag-aaral. Sa isa pang pag-aaral nina Tolete et al. (2023), lumalabas na mababa ang masteri sa pagsasalita at pagsulat ng mga mag-aaral gamit ang apat na aspekto/parametro ng kakayahang komunikatibo. Ayon naman kay Santiago (2019) sa pag-aaral nina Andales et al. (2024) na tungkol sa kahusayang komunikasyon ng mga estudyante sa Filipino, ang hindi gaanong mataas na kakayahan sa wastong paggamit ng mga salita ay maaaring humantong sa hindi gaanong malalim na pag-unawa at pagpapahayag gamit ang wikang Filipino. Kaya mungkahi nina Andales et al., (2024) na repasuhin ang kurikulum at estratehiya sa pagtuturo ng Filipino upang lalong mahasa ang kahusayan ng mga mag-aaral kung saan mabibigyan ng maraming pagkakataon sa pagsasanay ang isang estudyante.

Sa kontekstong ito, isinulong ang iba't ibang programa at interbensyon na naglalayong pahasayin ang kasanayan sa pagbasa, isa na rito ang Philippine Informal Reading Inventory (Phil-IRI). Ipinag-utos ng DepEd na ipatupad ito sa lahat ng pampublikong paaralan sa bansa upang matugunan ang mga isyu patungkol sa pagpapabuti ng literasiya (DepEd Memorandum No. 266, s. 2010). Ang programang ito ay binubuo ng mga inihandang babasahin na may iba't ibang antas ng kahirapan upang matukoy ang kakayahan ng mga mag-aaral sa tahimik na pagbasa, pagbasa nang malakas, at pag-unawa sa binasa (DepEd Memorandum No. 266, s. 2010).. Ayon sa DepEd, ang Phil-IRI ay nagbibigay-daan sa mga guro na matukoy ang kakayahan ng bawat mag-aaral at makabuo ng mga akmang interbensyon sa kanilang mga pangangailangan sa pagbasa.

Ibig sabihin, ang layunin ng programang ito ay mapagtibay at mapaunlad ang kasanayan ng isang estudyante sa pamamagitan ng pagdebelop sa kanyang kasanayang pagbasa. Ang planong ito ay isang sistematikong paraan ng pagtuturo na nakatuon sa partikular na pangangailangan ng mga *struggling readers* sa pamamagitan ng mga angkop na estratehiya at aktibidad. Sa pamamagitan ng Phil-IRI maaaring masukat at masuri ang antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral.

Ang pagpapatupad ng Phil-IRI ay direktang tumutugon sa layunin ng DepEd na linangin ang kahusayan sa pagbasa ng bawat batang Pilipino. Ang impormal na imbentaryong ito ay gumagamit ng mga markadong sipi upang sukatin ang pagganap ng isang indibiduwal na mag-aaral sa pasalitang pagbabasa, tahimik na pagbabasa, at pagunawa sa pakikinig upang matiyak ang antas ng kasanayan sa pagbasa ng mag-aaral. Ang Phil-IRI ay sumusukat sa mga kakayahan ng mga mag-aaral at pangkalahatang pagganap sa pagbasa, at ang impormasyong nakuha sa pamamagitan nito ay maaaring magamit upang bumuo o iakma ang silid-aralan, maliit na grupo, o indibiduwal na pagtuturo upang umangkop sa mga pangangailangan at kakayahan ng mga mag-aaral (DepEd, 2018).

Sa pananaliksik na ito, layunin nitong masuri ang kaukulang karanasan sa paggamit ng Phil-IRI, isang batayan sa pagbuo ng programa para sa pagpapahusay ng pag-unawa sa pagbasa.

Paglalahad ng Suliranin - Layunin ng pag-aaral na ito na malaman ang 1.)kabuoang propayl sa pagbasa ng mga mag-aaral, 2.)Ano ang persepsyon ng mga mag-aaral batay sa karanasan sa tinugong proseso ng Phil-IRI, 3.)Ano ang persepsyon ng mga guro sa asignaturang Filipino sa resulta ng Phil-IRI, 4.) Batay sa tugon ng mga guro, anong tiyak na pagpapahusay ang maimungkahi, 5.) Batay sa natiyak na tugon ng mga mag-aaral at guro, ano ang inaasahang mabubuong programa.

3. Metodolohiya

Sa isinasagawang pag-aaral, gumamit ang mga mananaliksik ng magkahalong kwalitatibo at kwantitatibong disenyo upang masusing masuri ang proseso at epekto ng Phil-IRI sa pagpapahusay ng kakayahan sa pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral. Ang paggamit ng mixed-method na disenyo ay nagbibigay-daan sa mas malawak at mas malalim na pag-unawa sa parehong numerikal na datos at karanasan o pananaw ng mga kalahok hinggil sa implementasyon ng Phil-IRI. Ang mga kalahok sa pag-aaral ay binubuo ng 5 guro sa asignaturang Filipino mula sa Junior High School at 40 mag-aaral mula sa isang pampublikong paaralan sa ilalim ng Kagawaran ng

Edukasyon, Dibisyon ng Lungsod ng Cebu. Pinili ang mga kalahok gamit ang random sampling; isinama lamang ang mga mag-aaral na aktibong naka-enrol at pumayag sa pananaliksik, habang hindi isinama ang mga may kondisyong medikal o hindi nagbigay ng pahintulot.

Ginamit bilang mga instrumento ang Philippine Informal Reading Inventory (Phil-IRI) upang masukat ang antas ng pagbasa ng mga mag-aaral, at semi-structured questionnaire upang matukoy ang kanilang karanasan at persepsyon, gayundin ng mga guro. Ang mga instrumento ay binalido ng mga eksperto at isinalang sa pilot testing upang matiyak ang bisa at kalidad ng datos. Matapos makuha ang pahintulot mula sa mga kinauukulan, isinagawa ang pagsusulit at panayam. Ang mga datos ay sinuri gamit ang descriptive statistics, partikular ang mean upang mailarawan ang pananaw ng mga kalahok, at ginamitan ng Five-Point Likert Scale upang masukat ang antas ng pagsang-ayon sa mga pahayag. Samantala, ang kwalitatibong datos mula sa panayam ay sinuri gamit ang thematic analysis. Upang matiyak ang integridad ng resulta, isinagawa ang triangulation ng datos mula sa mag-aaral, guro, at resulta ng Phil-IRI, at siniguro rin ang etikal na pagsunod sa pamamagitan ng written informed consent.

Sa tritment ng datos, ginamit ang descriptive statistics upang mailarawan ang mga resulta sa paraang numerical upang matukoy kung may kaugnayan ang mga baryabol, gaya ng antas ng persepsyon ng mga guro at mag-aaral sa Phil-IRI at ang kanilang aktwal na kakayahan sa pag-unawa sa binasa.

Ang mga sumusunod na interval ay ginamit sa interpretasyon ng Likert Scale:

- 4.21 – 5.00: Lubos na Sumasang-ayon
- 3.41 – 4.20: Sumasang-ayon
- 2.61 – 3.40: Hindi Tiyak
- 1.81 – 2.60: Hindi Sumasang-ayon
- 1.00 – 1.80: Lubos na Hindi Sumasang-ayon

4. Resulta at Pagtalakay

4.1 Kabuuang propayl sa pagbasa ng mga mag-aaral

Table 1

Kabuuang propayl sa pagbasa ng mga mag-aaral

Reading Profile	Mga Kalahok
Independent	16 (40%)
Instructional	21(52.5%)
Frustration	3 (7.5%)
Total	40 (100%)

Batay sa talahanayan 1; makikita ang kabuoang propayl sa pagbasa ng mga mag-aaral. May 3 uri ng antas ng pagbasa na may mga interpretasyon. Ang Independent ay may bilang na labing-anim (16) na kalahok, sila ay may 97%-100% na word reading score at 80%-100% na comprehension score. Ibig sabihin kayang basahin at intindihin ng mag-aaral ang isang teksto na naaayon sa kanyang kakayahan nang walang tulong. Kasunod ang Instructional na may dalawampung-isa (21) na kalahok, may 90%-96% na word reading score at 59%-79% na comprehension score. Sa antas na ito kayang basahin at unawain ng mag-aaral ang isang teksto na naaayon sa kanyang lebel, ngunit kailangan pa ng kaunting tulong o gabay. Panghuli, ang Frustration na may tatlong (3) kalahok, may 89% and Below ang Word Reading Score at 58% and Below ang Comprehension Score. Nagpapahiwatig ang antas na ito kung saan nahihirapan ang mag-aaral sa pagbabasa at pag-intindi ng isang teksto na naaayon sa kanyang kakayahan. Mataas ang porsyento ng mga estudyante na nasa Instructional na may 52.5% na sinusundan ng Independent na may 40% at ang Frustration ay kinakikitaan na may mababang porsyento ng propayl sa antas ng pagbasa.

Ang pag-aaral ay gumamit ng limang (5) pangunahing kategorya upang matukoy ang persepsyon ng mga mag-aaral sa kanilang karanasan sa Phil-IRI: (1) Indikasyon sa Kakayahan sa Pagbasa, (2) Pag-unawa at Pagtugon, (3) Pag-monitor sa Sarili at Pagpapabuti, (4) Pagplano at Organisasyon ng Pagkatuto, at (5)

Pagkontrol sa mga Estratehiya ng Pagkatuto at Pagmamasid. Sinukat ang mga persepsyon ng mag-aaral gamit ang survey questionnaire, Kumuha ang mananaliksik ng 10 mag-aaral sa bawat bilang sa Junior High School upang malalim na masuri at maunawan ang persepsyon ng mag-aarak batay sa karanasan sa tinugong proseso ng Phil-IRI.

4.2 Ang persepsyon ng mga mag-aaral batay sa karanasan sa tinugong proseso ng Phil-IRI

Indikasyon sa Kakayahan sa Pagbasa - Ang mga pahayag sa bahaging ito ay sumukat sa kakayahan ng mga mag-aaral sa pagbabasa ng mga maikling talata at sa pag-unawa ng mga ito. Nakakuha ito ng mga mean score na mula 3.65 hanggang 4.11. Ang pinakamataas na mean ay sa pahayag na "Kaya kong magbasa ng mga maikling talata nang walang kahirapan" (4.11), na nagpapakita na ang mga mag-aaral ay may sapat na antas ng kasanayan sa basic decoding skills. Samantala, ang kakayahang "tukuyin ang mga mahahalagang detalye o ideya sa isang talata habang nagbabasa" ay may mean na 3.65, na bagaman pinakamababa sa bahaging ito, ay nananatili pa ring positibo at nagpapahiwatig na kailangan lamang ng kaunting pagsasanay sa pagkuha ng impormasyon habang nagbabasa.

Indikasyon sa Pag-unawa at Pagtugon - Ang bahaging ito ay tumutukoy sa kakayahan ng mga mag-aaral na sagutin at ipaliwanag ang binasa. Ang mean scores ay mula 3.68 hanggang 3.90. Ang pinakamataas ay sa "Kaya kong ipaliwanag nang malinaw ang pagkakasunod-sunod ng mga kaganapan o ideya sa isang talata" (3.90), na nagpapakita ng kakayahan sa pagsunod sa lohikal na daloy ng teksto. Ang item na may pinakamababang mean sa categoryang ito ay "Kaya kong sagutin nang tama ang mga tanong tungkol sa komprehensyon pagkatapos magbasa ng talata" (3.68), na nagpapahiwatig na may ilang mag-aaral na nahihirapang umugnay ng binasa sa mga tanong, ngunit sa pangkalahatan ay maayos pa rin ang antas ng pag-unawa.

Pag-monitor sa Sarili at Pagpapabuti - Sa categoryang ito, natukoy ang kahusayan ng mga mag-aaral sa pagsusuri ng kanilang sariling pag-unawa. Ang mga mean scores ay mataas: mula 3.89 hanggang 4.13. Ang item na "Kaya kong gamitin ang mga palatandaan mula sa teksto (tulad ng mga larawan, pamagat, o konteksto) upang matulungan akong maunawaan ang mga mahihirap na salita" ang may pinakamataas na mean na 4.13, na nagpapakita ng aktibong paggamit ng context clues. Sa kabuuan, ipinapakita ng resulta na may mataas na antas ng pagkilala sa sariling kakayan at pagpapabuti ang mga mag-aaral bagkus natutukoy nila kung kailan sila nahihirapan at ano ang kailangang gawin upang mapabuti ito.

Table 2

Kabuoang persepsyon ng mga mag-aaral sa proseso ng Phil-IRI batay sa bawat kategorya

Kategorya	Mean	Interpretasyon
Kakayahan sa Pagbasa	3.84	Sumasang-ayon
Pag-unawa at pagtugon	3.77	Sumasang-ayon
Pag-monitor sa sarili at pagpapabuti	3.97	Sumasang-ayon
Pagplano at organisasyon sa Pagkatuto	3.93	Sumasang-ayon
Pagmamasid at pag-audit ng Pagkatuto	4.09	Sumasang-ayon
Average	3.95	Sumasang-ayon

Batay sa Talahanayan 2, makikita ang kabuoang persepsyon ng mga mag-aaral sa proseso ng Phil-IRI ayon sa limang kategorya ng pagkatuto. Ang lahat ng kategorya ay nakatanggap ng interpretasyong "Sumasang-ayon", na nagpapakita ng positibong pananaw ng mga mag-aaral sa paggamit ng Phil-IRI sa kanilang pagkatuto. Ang pinakamataas na mean ay nasa Pagmamasid at pag-audit ng Pagkatuto (mean = 4.09), na nagpapahiwatig na ang mga mag-aaral ay lubos na nakikilala at nasusuri ang kanilang sariling pag-unlad sa pagbasa. Sinusundan ito ng Pag-monitor sa sarili at pagpapabuti (mean = 3.97) at Pagplano at organisasyon sa Pagkatuto (mean = 3.93), na nagpapakitang aktibo rin ang mga mag-aaral sa pag-aangkop at pagpapabuti ng kanilang mga estratehiya sa pagkatuto. Samantala, ang Kakayahan sa Pagbasa (mean = 3.84) at Pag-unawa at pagtugon (mean = 3.77) ay may bahagyang mas mababang mean ngunit nananatiling nasa antas ng pagsang-ayon. Ipinahihiwatig nito na bagamat positibo pa rin ang pananaw ng mga mag-aaral, maaaring ito ang mga aspekto na nangangailangan pa

ng karagdagang suporta o interbensyon upang higit na mapalakas.

Ang kabuoang average na mean na 3.95 ay nagpapakita ng pangkalahatang positibong pagtanggap ng mga mag-aaral sa proseso ng Phil-IRI. Mula sa datos na ito, masasabi na ang Phil-IRI ay epektibong kasangkapan sa pagtatasa at pagpapabuti ng kasanayan sa pagbasa at pagkatuto ng mga mag-aaral.

4.3 Persepsyon ng mga guro sa asignaturang Filipino sa resulta ng Phil-IRI

Ang mga guro sa asignaturang Filipino ay nagpakita ng positibong pananaw sa bisa ng Phil-IRI. Batay sa kanilang mga tugon, ang Phil-IRI ay epektibong instrumento upang matukoy ang kasalukuyang antas ng kakayahang bumasa ng mga mag-aaral. Ayon sa kanila, ang resulta ng Phil-IRI ay nagsilbing batayan sa pagbibigay ng mas angkop na interbensyon, gaya ng remedial reading classes, individual reading plans, at pagtutok sa mga mahihinang mag-aaral. Gayunpaman, binanggit din ng mga guro ang pangangailangan ng karagdagang training upang mas maging epektibo ang paggamit ng Phil-IRI sa loob ng klasrum.

Table 3

Pesepsyon ng mga guro sa proseso ng Phil-IRI

Kategorya	Indikasyon sa kakayahan sa Pagbasa	Mean	Interpretasyon	Deskriptibong Interpretasyon
Pag-audit at Pagpapalano ng Interbensyon	Kumpiyansa akong gamitin ang mga resulta ng Phil-IRI upang tukuyin ang mga mag-aaral na nangangailangan ng karagdagang tulong sa pagbabasa.	4.8	Lubos na Sumasang-ayon	Malaki ang tiwala ng mga guro sa Phil-IRI bilang tulong para matukoy agad ang mga batang kailangang gabayan sa pagbabasa."
	Kumpiyansa akong gamitin ang mga tugon mula sa Phil-IRI upang mas maunawaan ang mga kalakasan at kahinaan ng bawat mag-aaral sa pagbabasa.	4.6	Lubos na Sumasang-ayon	Malinaw na nagtitiwala ang mga guro sa Phil-IRI bilang gabay sa pag-unawa sa kakayahan sa pagbasa ng mga mag-aaral.
	Pakiramdam ko ay may kakayahan akong planuhin at i-adjust ang mga estratehiya sa pagtuturo batay sa mga resulta ng Phil-IRI	4.8	Lubos na Sumasang-ayon	Ipinapakita ng resulta na may tiwala ang mga guro sa sarili nilang kakayahan na gamitin ang Phil-IRI bilang gabay sa mas epektibong pagtuturo
Pagtutok at Pagsuporta sa mga Mag-aaral	Kaya kong magbigay ng sapat na suporta sa mga mag-aaral na nangangailangan ng tulong sa mga bahagi ng pagbabasa na nahirapan sila sa Phil-IRI.	4.6	Lubos na Sumasang-ayon	Naniniwala ang mga guro na kaya nilang suportahan ang mga mag-aaral batay sa mga resultang lumabas sa Phil-IRI.
	Naniniwala ako na kaya kong matukoy at matutukan ang mga bahagi ng pagbabasa na kailangang paunlarin ng mga mag-aaral base sa kanilang mga resulta sa Phil-IRI.	4.6	Lubos na Sumasang-ayon	May tiwala ang mga guro sa kanilang kakayahang tukuyin at tutukan ang kailangang paunlarin sa pagbasa gamit ang Phil-IRI.

Pagtatasa ng Pag-unlad ng Mag-aaral	Kumpiyansa akong gamitin ang mga resulta ng Phil-IRI upang subaybayan ang pag-unlad ng mga mag-aaral sa pagbabasa sa buong taon.	4.8	Lubos na Sumasang-ayon	Lubos na nagtitiwala ang mga guro sa Phil-IRI bilang kasangkapan sa patuloy na pagsubaybay sa pag-unlad sa pagbasa ng mga mag-aaral.
	May tiwala akong tukuyin ang mga bahagi ng pagbabasa na mahirap para sa mga mag-aaral at makapagbigay ng angkop na mga hakbang batay sa resulta ng Phil-IRI.	4.8	Lubos na Sumasang-ayon	Tiwala ang mga guro na kaya nilang tukuyin ang mga kahinaan sa pagbasa at magbigay ng tamang suporta gamit ang Phil-IRI.
Pagplano at Organisasyon ng Pagtuturo	Iniisip ko kung anong mga uri ng aktibidad at leksyon ang magiging epektibo batay sa mga pangangailangan ng mga mag-aaral na ipinapakita ng Phil-IRI.	4.8	Lubos na Sumasang-ayon	Masusing pinag-iisipan ng mga guro ang mga angkop na gawain at leksyon batay sa resulta ng Phil-IRI upang matugunan ang pangangailangan ng mga mag-aaral.
	Inilalagay ko ang mga layunin sa pagtuturo batay sa mga lugar kung saan may pangangailangan sa pagpapabuti batay sa mga Phil-IRI results.	4.6	Lubos na Sumasang-ayon	Tinutukoy ng mga guro ang layunin sa pagtuturo ayon sa mga bahagi ng pagbasa na kailangang paunlarin, gamit ang resulta ng Phil-IRI bilang gabay.
Pagkontrol sa Estratehiya sa Pagtuturo	Kapag ang mga mag-aaral ay nahihirapan sa pagbabasa, mabilis kong iniangkop ang mga estratehiya upang matulungan sila.	4.6	Lubos na Sumasang-ayon	Handang iangkop ng mga guro ang kanilang mga estratehiya sa pagtuturo kapag nahihirapan ang mga mag-aaral sa pagbabasa.
	Kapag nakita ko na ang mga mag-aaral ay nahihirapan sa ilang bahagi ng pagbabasa, pinipili ko ang mga estratehiya na tutugon sa mga partikular na pangangailangan nila.	4.6	Lubos na Sumasang-ayon	Ipinapakita ng mga guro ang kanilang malasakit sa mga mag-aaral. Kapag nahihirapan ang mga bata sa pagbabasa, mabilis silang nag-iisip ng mga paraan upang matulungan sila.
Pagmamasiid at Pag-audit ng Pagkatuto	Sinusuri ko ang mga pagbabago sa pagganap ng mga mag-aaral batay sa mga resulta ng Phil-IRI at inaayos ang mga estratehiya sa pagtuturo kung kinakailangan.	4.8	Lubos na Sumasang-ayon	Ang mga guro ay patuloy na nagmamasiid sa pag-unlad ng kanilang mag-aaral. kung kinakailangan mabilis nilang iniaangko ang kanilang pamamaraan upang matulungan ang sila

Ginagamit ko ang mga resulta ng Phil-IRI upang magbigay ng tulong at gabay sa mga mag-aaral na may hamon sa pagbabasa.	4.8	Lubos na Sumasang-ayon	Naglaan ang mga guro ng mga hakbang upang matulungan ang mga mag-aaral na mapabuti ang kanilang kasanayan sa pagbabasa.
Pinapahalagahan ko ang tugon mula sa mga mag-aaral at ginagamit ko ito upang i-angkop ang mga estratehiya ng pagtuturo at gawain.	4.6	Lubos na Sumasang-ayon	Ang mga guro ay may malasakit sa mga tugon ng mag-aaral at ginagamit ito upang ayusin at iangkop ang kanilang mga paraan ng pagtuturo at gawain.
Sinusuri ko ang mga resulta ng Phil-IRI upang tiyakin na ang mga mag-aaral ay nakakamit ang mga layunin sa pagbabasa at ginagamit ko ito para sa kanilang patuloy na pag-unlad.	4.8	Lubos na Sumasang-ayon	Gamit ang Phil-IRI, sinisikap ng mga guro na matiyak na natutupad ng mga mag-aaral ang mga layunin sa pagbasa at tuloy-tuloy ang kanilang pag-unlad sa bawat antas nito.

Pag-audit at Pagpapalano ng Interbensyon - Ang pahayag sa bahaging ito ay may dalawang mataas na mean score na 4.8 na nagpapahiwatig na may malaking tiwala ang mga guro sa Phil-IRI bilang tulong para matukoy agad ang mga mag-aaral na nangangailangan ng tulong sa pagbasa at **may tiwala ang mga guro sa sarili nilang kakayahan** na gamitin ang Phil-IRI bilang gabay sa mas epektibong pagtuturo. Sinundan naman ito ng mean score na 4.6 na may pagpapakahulugan **na nagtitiwala ang mga guro sa Phil-IRI** bilang gabay sa pag-unawa sa kakayahan sa pagbasa ng mga mag-aaral.

Pagtutok at Pagsuporta sa mga Mag-aaral - Sa kategoryang ito parehong may mean score na 4.6 na nangangahulugan na may tiwala **ang mga guro na kaya nilang suportahan ang mga mag-aaral** batay sa mga resultang lumabas sa Phil-IRI at kayang tukuyin at tutukan ang mga kailangang paunlarin sa pagbasa gamit ang Phil-IRI.

Pagtatasa ng Pag-unlad ng Mag-aaral - May parehong mean na 4.8 ang bahaging ito kung saan nagbibigay diin sa lubos na pagtitiwala ng mga guro sa Phil-IRI bilang kasangkapan sa patuloy na pagsubaybay sa pag-unlad sa pagbasa ng mga mag-aaral at kaya nilang tukuyin ang mga kahinaan sa pagbasa upang makapagbigay ng angkop na suporta.

Pagplano at Organisasyon ng Pagtuturo - Sa bahaging ito lamang ang isang bahagi na may mean score na 4.8 na may paliwanag na masusing pinag-iisipan ng mga guro ang mga angkop na gawain at leksyon batay sa resulta ng Phil-IRI upang matugunan ang pangangailangan ng mga mag-aaral. Samantalang ang isa naman ay may mean score na 4.6 na ibig sabihin tinutukoy ng mga guro ang layunin sa pagtuturo ayon sa mga bahagi ng pagbasa na kailangang paunlarin, gamit ang resulta ng Phil-IRI bilang gabay.

Pagkontrol sa Estratehiya sa Pagtuturo - Lumabas sa resulta na parehong iniangkop ng mga guro ang kanilang mga estratehiya sa pagtuturo tuwing nahihirapan ang mga mag-aaral sa pagbabasa at may malasakit sa mga mag-aaral kapag nahihirapan ang mga bata sa pagbabasa bilang tugon para mapabuti pa ang kakayahang bumasa.

Pagmamasiid at Pag-audit ng Pagkatuto - Mula sa resulta may tatlong (3) mean score na 4.8 ang naitala sa datos na may pahiwatig na ang mga guro ay patuloy na nagmamasiid sa pag-unlad ng kanilang mag-aaral, nakatutok ang mga guro na matulungan ang mga mag-aaral na mapabuti ang kanilang kasanayan sa pagbabasa at

masigasig na matiyak na matamo ang layunin sa pagpapatuloy na pag-unlad ng kakayahan sa pagbasa. Samantala may mean score na 4.6 ang bahagi na iniangkop sa paraan ng pagtuturo ang mga tugon ng mga mag-aaral.

Table 4

Kabuuanang persepsyon ng mga guro sa proseso ng Phil-IRI batay sa bawat kategorya

Kategorya	Mean	Interpretasyon
Kakayahan sa Pagbasa	3.84	Sumasang-ayon
Pag-unawa at pagtugon	3.77	Sumasang-ayon
Pag-monitor sa sarili at pagpapabuti	3.97	Sumasang-ayon
Pagplano at organisasyon sa Pagkatuto	3.93	Sumasang-ayon
Pagmamasid at pag-audit ng Pagkatuto	4.09	Sumasang-ayon
Average	3.95	Sumasang-ayon

Batay sa resulta, malinaw na positibo ang pananaw ng mga guro sa proseso ng Phil-IRI. Nakikita nila itong kapaki-pakinabang sa pagtukoy at pagsubaybay sa kakayahan sa pagbasa ng mga mag-aaral. Pinakamataas ang kanilang tiwala sa kakayahan ng Phil-IRI na tumulong sa pagmamasid at pag-audit ng pagkatuto, na nagpapakita kung gaano ito epektibo sa pag-unawa sa progreso ng mga bata.

Bukod dito, naniniwala rin ang mga guro na malaki ang naitutulong ng Phil-IRI sa pagpapalano, organisasyon, at pagmomonitor ng pagkatuto—ginagawa nitong mas madali para sa kanila ang gabayan ang mga mag-aaral sa kanilang pag-unlad. Bagama't bahagyang mas mababa ang rating sa bahagi ng pag-unawa at pagtugon, nananatili pa rin ang kanilang positibong pananaw.

Sa kabuuan, ipinapakita ng average na iskor na 3.95 na **sumasang-ayon ang mga guro** na ang Phil-IRI ay isang makabuluhang kasangkapan sa pagtuturo—nakakatulong ito hindi lang sa pagtatasa, kundi pati na rin sa paghubog ng mas epektibong estratehiya para sa pagkatuto sa pagbasa.

4.4 BasaLusyon

Batay sa nakalap na datos mula sa mga mag-aaral at guro, iminungkahi ang pagbubuo ng programang “BasaLusyon: Programa sa Pagsasanay at Pag-unlad sa Kasanayan sa Pagbasa.” Layunin ng programang ito na mapalawak at mapatatag ang kakayahan sa pagbasa ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng mga makabago at makabuluhang estratehiya. Ang mga pangunahing hakbang ng BasaLusyon ay ang mga sumusunod:

Pagpapatupad ng Individualized Reading Intervention: Gagamitin ang resulta ng Phil-IRI upang makabuo ng angkop na interbensyon sa bawat mag-aaral batay sa kanilang pangangailangan at kasalukuyang antas ng pagbasa.

Paglulunsad ng Reading Circles: Magkakaroon ng maliliit na pangkat ng pagbabasa tuwing araw ng Biyernes, alinsunod sa programa ng DepEd na Catch-Up Fridays, upang mapaunlad ang kooperasyon, kumpiyansa, at kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral.

Pagsasagawa ng pamilyang nagbabasa program: Bibigyang-puwang ang partisipasyon ng mga magulang sa proseso ng paglinang ng kasanayan sa pagbasa ng mga anak. Sa pamamagitan ng mga gawain at workshops, magiging katuwang ang mga pamilya sa pagtuturo at paggabay sa bahay.

Paggamit ng gamified Reading Activities: Maghahanda ng mga larong nakabatay sa pagbabasa upang mapataas ang motibasyon ng mga mag-aaral at gawing mas masaya at nakakaengganyo ang pagbabasa.

Pagpapatupad ng Monitoring at Ebalwasyon: Isasagawa ang regular na pagsubaybay at pagsusuri kada quarter upang masukat ang pag-unlad ng mga mag-aaral at mapabuti pa ang mga kasalukuyang estratehiya at programa.

Sa pamamagitan ng BasaLusyon, inaasahang makakalikha ng mas positibong karanasan sa pagbabasa ang mga mag-aaral, maiaangat ang kanilang antas ng kasanayan, at mapagtibay ang ugnayan ng paaralan at pamilya

sa proseso ng pagkatuto.

4.5 Implikasyon

Ang resulta ng pag-aaral ay nagpapakita ng mahahalagang implikasyon para sa mga guro at mag-aaral sa konteksto ng paggamit ng Phil-IRI. Para sa mga guro, ang Phil-IRI ay nagsisilbing mabisang batayan sa pagtukoy ng antas ng kakayahan sa pagbasa ng mga mag-aaral. Dahil dito, nagkakaroon sila ng pagkakataong makapagdisenyo ng mga interbensiyong akma sa pangangailangan ng bawat mag-aaral, tulad ng mga *individualized reading plans* at iba pang suportang pedagogikal. Binibigyang-diin din ng resulta ang kahalagahan ng patuloy na pagsasanay ng mga guro upang higit nilang magamit nang epektibo ang datos mula sa Phil-IRI bilang gabay sa kanilang pagtuturo.

Samantala, para sa mga mag-aaral, ang paggamit ng Phil-IRI ay nagbibigay-daan sa mas mataas na kamalayang pangsarili pagdating sa kanilang kasanayan sa pagbasa. Nagiging kasangkapan ito sa pagkilala ng sariling lakas at pangangailangan, na mahalaga sa pag-unlad ng *self-awareness at motibasyon sa pagkatuto*. Ang mga rekomendasyong gaya ng gamified reading activities at pakikilahok ng pamilya sa mga gawaing pagbasa ay inaasahang magpapalalim sa interes at partisipasyon ng mga mag-aaral sa pagbabasa. Sa kabuuan, ang Phil-IRI ay nakatutulong hindi lamang sa pagtataya kundi sa pagpapahusay ng aktibong pagkatuto at mas sistematikong pagtuturo ng pagbasa.

5. Konklusyon at Rekomendasyon

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong masuri ang kaukulang karanasan sa paggamit ng Phil-IRI bilang batayan sa pagbuo ng programang pagpapahusay ng kasanayan sa pag-unawa sa pagbasa. Layunin ng pananaliksik na mabigyang interpretasyon ang persepsyon ng mga mag-aaral sa iba't ibang reading profile batay sa kanilang karanasan sa Philippine Informal Reading Inventory (Phil-IRI), gayundin ang pagsusuri sa persepsyon ng mga guro sa asignaturang Filipino hinggil sa mga resulta ng Phil-IRI upang makabuo ng mga mungkahi para sa pagpapabuti ng kasanayan sa pagbasa. Lumabas sa pagsusuri na may malaking tulong ang Phil-IRI, hindi lamang sa pagsukat ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral, kundi pati na rin sa pagpapasigla ng kanilang aktibong pagkatuto at pag-unlad ng *self-awareness*. Para sa mga guro, napakahalaga ng Phil-IRI bilang gabay sa pagsubaybay sa progreso ng mga mag-aaral at sa paglikha ng mas epektibo at angkop na mga estratehiya sa pagtuturo ng pagbasa.

Bunga ng mga natuklasan, iminumungkahi na gawing lunsaran ang Phil-IRI sa pagbuo ng isang sistematikong programang pagbasa para sa mga mag-aaral upang mapabuti ang kanilang kasanayan at antas ng pagbasa. Nararapat din na higit pang paigtingin ang pagsasanay ng mga guro hinggil sa paggamit ng mga resulta ng Phil-IRI upang makabuo ng individualized reading interventions. Bukod dito, inirerekomenda ang pagpapatupad ng mga makabagong inisyatibo tulad ng gamified reading activities at pagsasama ng pamilya sa mga programang pagbabasa upang higit na mapaunlad ang kultura ng pagbabasa sa paaralan at tahanan. Mahalaga rin ang regular na pagsubaybay at pagsusuri sa implementasyon ng mga programa upang masigurong nagkakaroon ng patuloy na pag-unlad ang mga mag-aaral sa larangan ng pagbasa. Mas maraming mag-aaral ang nasa Instructional na antas ng pagbasa. Ipinapakita nito na maraming mag-aaralang nangangailangan pa ng gabay sa kasanayan sa pagbasa. Natuklasan din sa pananaliksik na ito na ang paggamit ng Phil-IRI ay nagsisilbing plataporma para sa aktibong pagkatuto at *self-awareness* ng mga mag-aaral sa kanilang pagbasa. Dagdag pa, nagbibigay din ng positibong pananaw ang mga guro sa proseso ng Phil-IRI at nakikitang kapaki-pakinabang na instrumento sa pagtukoy at pagsubaybay sa kakayahan sa pagbasa ng mga mag-aaral.

Sa kabuuan, ang ang Phil-IRI ay isang makabuluhang kasangkapan sa pagtuturo—nakakatulong ito hindi lang sa pagtatasa, kundi pati na rin sa paghubog ng mas epektibong estratehiya para sa pagkatuto sa pagbasa.

6. Sanggunian

- Andales, R. D., & Francisco, M. L. C. (2024). Kahusayan sa komunikasyon ng mga mag-aaral sa Filipino. *RISE Journals*. <https://risejournals.org/index.php/imjrise/article/view/456>
- Batangas Eastern College. (n.d.). Ang mga teorya sa pagbasa ay nagpapaliwanag kung paano matamo ang pagbabasa. <https://www.studocu.com/ph/document/batangas-eastern-college/education/ang-mga-teorya-sa-pagbasa-ay-nagpapaliwanag-kung-paano-matamo-ang-pag/33247133>
- Castillo, M. A., & Hernandez, A. A. (2024). Catch-Up Fridays: Pagpapaunlad ng lebel ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagbasa ng mga akdang pampanitikan sa Filipino. *Humanities Commons*. <https://hcommons.org/deposits/item/hc:67259/>
- Chi, C. (2023, December 6). Philippines still lags behind world in math, reading and science — PISA 2022. *Philstar*. <https://www.philstar.com/headlines/2023/12/06/2316732/philippines-still-lags-behind-world-math-reading-and-science-pisa-2022>
- Department of Education. (2011). Department Order No. 70, s. 2011: Guidelines on utilization of funds for Every Child a Reader Program (ECARP). <https://www.deped.gov.ph/wp-content/uploads/2011/09/DO-No.-70-s.-2011-new.pdf>
- Department of Education. (2018). Department Order No. 14, s. 2018: Policy guidelines on the administration of the Revised Philippine Informal Reading Inventory. https://www.deped.gov.ph/wpcontent/uploads/2018/03/DO_s2018_014.pdf
- Department of Education. (2024). *DM-CT-2024-447*: Administration of Philippines Informal Reading Inventory (Phil-IRI) for Key Stages 2 and 3 for School Year 2024–2025. https://www.deped.gov.ph/wp-content/uploads/2018/03/DO_s2018_014.pdf
- Makig-angay, A. D., et al. (2024). Salik na nakaapekto sa antas ng pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral na nasa antas ng frustration. *ResearchGate*.
- Tolete, H. E., & Zamora, N. C. L. (2023). Pagtataya ng kasanayan sa pagsasalita at pagsulat ng mga mag-aaral sa Junior High School: Batayan sa pagbuo ng mapa ng pag-unlad ng pagkatuto. *IMJST*. <http://www.imjst.org/wp-content/uploads/2023/10/IMJSTP29120941.pdf>
- Torneros, J. A. (n.d.). Ang proseso ng pagbasa. *Academia.edu*. https://www.academia.edu/35641040/Ang_Proseso_ng_Pagbasa

